

# Runaway Heiress

*H*ave you ever wished to be someone you're not?

I was stuck in traffic that morning when I read those words on a billboard on the side of the road. Most of the time, I actually wished for that. To be someone I was not.

I just wanted my life to be ordinary. Just for once. I wanted to *run away* from it all and live a normal life. Kung puwede lang sana... but my surname alone made it impossible for me to live the life that I truly wanted. Dahil isa akong... Consunji.

I belonged to one of the richest and powerful families in the country—Consunji. Kasama roon ang mga Vejar, Ledesma, Tan, at ang mga San Vicente.

The head of our family was my father—Sancho Angelo Cruise Consunji. Siya ang presidente ng buong Consunji empire, pangalawa sa kanya ang pinakapaborito kong uncle na si Lukas Andres Cruise Consunji and my other uncle, Adam Ignacio Consunji. They were known as the Big Three in the corporate world.

Yza Joan Consunji ang buong pangalan ko, but my best friend Nikita Kerkmez liked calling me Yzang Kulet. May twin brother ako, si Yto Jose Consunji a.k.a Ytong Pikon, at head over heels in love dito ang best friend ko. May brothers pa ako, sina Yvo at Yllak. Si Yna naman ang bunso namin.

Nagbuntong-hininga ako. Minsan naiisip ko kung ano'ng naging buhay naming magkakapatid kung hindi kami nakilala ni Tatay noon o kung hindi ba nasunog ang bahay namin nang gabing iyon, ipakikilala kaya kami ni Nanay sa kanya? I missed the old times, iyong ayos na kami sa kung ano lang. Now, we could have everything we ever wanted and yet I felt like I didn't deserve to have it all.

Gusto kong mamuhay nang malayo sa pamilya ko—iyong walang nakakakilala sa akin.

I sighed again. Life was simpler back then. I'd always been surrounded by my forever friends—Niki, Ytong Pikon, and his best friends, Xander, and Zachary Drew.

Mga bata pa lang kami ay magkakasama na kami. When I turned eighteen, Xander courted me. Hindi ko sineryoso ang mga sinabi niya sa akin dahil iba ang gusto ko.

Si Zach. Mabait kasi siya at komportable ako kapag nasa paligid siya. Tuwing magkasama kami ay nararamdaman ko na pwede kong sabihin sa kanya ang lahat ng iniisip ko. Sa tingin ko ay ganoon din siya sa akin. Musician si Zach at mahilig mag-gitara. Daddy niya ang lead singer ng bandang Neon.

I thought there was something between us but he left for the States a few days after my 18<sup>th</sup> birthday party. He left without even saying good bye to me.

That was five years ago. I haven't heard from him since then. Napabuntong-hininga na naman ako.

I heard my phone ringing. I answered it. Hindi ko na kailangan tanungin kung sino iyon dahil boses pa lang, alam kong ang boss ko na si Madam Gregorio na ang tumatawag sa akin. Late na naman kasi ako. Hindi ko naman kasalanan. She's very unpredictable. Maaga sana akong makakapasok sa office kung hindi lang niya ako inutusang kunin ang mga pina-dry clean niya. Assistant niya ako, pero feeling ko muchacha ang trato niya sa akin.

“Yza! Nasaan ka na naman?!” she growled at the other line. Madam Jennifer Gregorio was one of the most sought after fashion designers in the city. She’s known for her passion in design and inventing new trends.

“Sorry, Madam, I’m on my way.” Napangiwi ako. F\*ck the traffic! Kung kailan naman ako nagmamadali saka naman ako nale-late lagi. Tinapos ni Madam Gregorio ang tawag. Kasabay naman noon ang pagsulong ng traffic. Agad kong inapakan ang gas at pinasibad nang mabilis ang kotse. Inabot pa ako ng thirty minutes sa daan bago nakarating sa building ng office namin.

I was half-running my steps to the office. Wala akong pakialam kung pinagtitinginan na ako ng tao. I needed to get to her office before she murdered me. Sa kamamadali, hindi ko napansin na may kung ano sa sahig dahilan para madapa ako. Nakita ko ang isang pares ng red stilleto sa harapan ko.

“Kahit talaga kailan, tanga ka, Yza. Consunji pa man din ang apelyido mo, pero wala kang ginawang tama!” sigaw ni Madam Gergorio.

Dahan-dahan akong tumayo. I looked at her. I bit my lower lip. She was wearing her usual red dress. Siya lang yata ang babaeng kilala ko na puros red ang kulay na sinusuot—red dress with matching red scarf, red stilettos.

“You’re late! Tapos na ang meeting ko, nasaan ang kape ko? Nasaan ang pina-dry clean ko? Nasaan ang mga designs na kailangan kong makita? Wala! Wala na naman kasi tatanga-tanga ka!” Dinuduro-duro niya pa ako. “Ano ba naman! I hired you because you’re a Consunji! I thought you’d be an asset to this company, pero anong meron? Tanga ka! No wonder your father’s company didn’t hire you! Boba ka kasi!”

I wanted to cry. Ito na yata iyong pinakamasakit sa lahat ng salitang binitiwang niya sa akin. Lagi naman niya akong sinisigawan. Lagi niya akong pinupuna. It was not even creative criticism. Pero ito, iba na ito.

“Get out of my office! I don’t want to see you.”

Tahimik na tumalikod ako. Nararamdaman ko ang pag-init ng mga mata ko, pero hindi ako umiyak. Kailangan ko ng tatag ng loob. Para rin naman sa akin ito. Kung kay Madame Gregorio pa lang susuko na ako, paano pa kapag lumabas na ako?

I was only here for the experience. Kapag nakuha ko na iyon, pwede na akong umalis. I’d been working here for two and a half years already at kahit na matabil ang dila ng boss ko, nagtitiis ako because I needed the experience from her.

Madalas sabihin ng mga officemates kung bakit ako nagtitiis dito gayong Consunji ako at hindi ko kailangan ang trabahong ito.

I took a deep breath. I settled inside my cubicle. I started working. I tried forgetting the morning stress that my boss gave me. Idinukdok ko na lang ang sarili ko sa trabaho nang makita ko ang framed picture ni Yto sa desk ko. I suddenly missed my twin brother.

Napabuntong-hininga ako. Kung nandito siguro si Yto, sigurado akong lagot si Madame Gregorio sa kanya. Kaya lang nasa London siya at tinatapos ang kanyang MBA, pero malapit na rin naman siyang umuwi. Excited na ako para doon.

I also missed Nikita. She’s in Paris busy with her work. She’s a shoe designer and I’d only see her on *Skype*. Iyon na lang ang means of communication naming dalawa. Hindi rin kasi siya umuwi. Minsan niloloko ko pa siya, sinasabi ko na baka nagkikita sila ni Yto kasi nasa iisang continent lang sila. Tatawa lang naman siya at sasabihing wala na siyang gusto sa kakambal ko, pero hindi naman ako naniniwala sa kanya.

Sa loob ng limang taong lumipas ay napakaraming nagbago. Isa lang talaga ang consistent na hindi—si Xander. He’s still courting me. Minsan hindi ako makapaniwala na nakatagal siya ng limang taon. It seemed so impossible. Hindi na rin kami madalas magkita, pero madalas siyang tumawag at nagdi-dinner kami minsan kapag may free time siya.

Isang sikat na football player na si Xander at halos lahat na yata ng awards ay nakamtan na niya. I was very proud of him. Last year sa Asian Cup, si Xander din ang naging dahilan ng pagkapanalo nila. At ang nakakatuwa, minsan na-interview siya at sinabi niya sa harap ng camera kung gaano niya ako kamahal.

Kinilig ako noon, pero hindi ko na binanggit sa kanya. Ilang beses ko na siyang pinatigil sa panliligaw, pero sige pa rin siya. He was determined and I liked that about him.

“Yza, the dragon is calling you. Aalis yata kayo for a shoot,” narinig kong sabi sa akin ng officemate ko.

I smiled at her. Tumayo ako at tinangay na ang bag ko. I met Madam Gregorio at the elevator. Sabay kaming bumaba. Karga-karga niya ang Shih Tzu niya—na kung tatanungin ako, ay sasabihin kong kamukha niya.

Bigla tuloy akong napangiti.

Bumukas ang elevator. I saw a bunch of press people waiting to take Madame Gregorio’s picture. When we went out of the building, Madam Gregorio gladly posed for the camera. May isa pang nagtatanong sa kanya tungkol sa isyu ng pagnanakaw ng designs nang may biglang sumingit na nagsalita.

“Consunji, anak ni Sancho Consunji! Ikaw si Yza Consunji, di ba?!”

Para silang mga bubuyog na dinumog ako at ako naman ang kinuhanan ng picture. My eyes widened. I tried covering my face. Ayoko talaga ng attention.

“Excuse me, please don’t take my picture!” I kept on mumbling. “Hindi po ako sikat,” paulit-ulit kong sabi.

“Girlfriend ka ba ni Xander Mendoza?”

“Ano’ng masasabi mo sa mga babaeng nali-link sa kanya?”

“Magpapakasal na ba kayo?”

“Totoo ba na bibilhin ng Consunji Empire ang Creatos Shipping Lines?”

“Ayyyyyy!”

Hindi ko alam ang gagawin ko. Natigilan ako nang maramdaman kong may humahawi sa press people. Nakita ko sina Jared and Jarvis—my bodyguards na dapat wala dito ngayon dahil nasa trabaho ako—na hinahawi ang mga taga-media. Sinira pa ni Jarvis ang isang camera para lang umalis na ang press.

“Okay ka lang, Ma’am?” tanong ni Jared sa akin.

“Kuya, di ba usapan natin wala kayo dapat dito?” I asked.

Napakamot ang dalawa. “Utos po ni Sir Sancho, eh...” sabi nila sa akin.

Napangiwi ako, pero mas lalo akong napangiwi nang marinig ko ang boses ni Madame Gregorio at ang mga salitang sinabi niya.

“You’re fired, Yza! How dare you steal my limelight?!”



“Do you sometimes wish that you were someone else, Xander?”

Wala akong ibang maiyakan kaya hinanap ko si Xander. He’s the closest thing I had to a best friend. Wala si Nikita dahil kasalukuyang nasa Paris pa rin siya. Wala akong ibang matatawagan bilang kaibigan. Si Xander lang talaga.

Sinundo niya ako sa opisina ng bruhilda at nagpadala ako sa park. We sat on one of my favorite swings. Si Xander, tahimik lang siyang nakatingin sa akin habang umiinom siya ng beer sa lata. Ako naman ay pinaglalaruan ang beer na ibinigay niya sa akin. I was never a drinker but right now, I wanted to drown myself in beer so that I’ll forget the emptiness I was feeling inside.

“Hindi, Yza. I love who I am,” masiglang sagot ni Xander sa akin.

Tumingin ako sa kanya. Buti pa siya, samantalang ako, naka-graduate ng college at lahat, ni hindi ko man nalaman kung ano’ng gusto kong gawin sa buhay. I took up a business course and then later realized that it was not what I wanted.

“I wanna do something else,” sabi ko kay Xander. “I want to live a simple life.” Umiiyak na ako sa pagkakataong iyon. Napansin kong tumayo si Xander at niyakap ako. Hinaplos-haplos niya ang

likod ko. Hinayaan niya akong umiyak.

“Yza, tandaan mo lang, hindi mo man alam kung ano’ng gusto mo, nandito naman ako para sa ’yo. Mamahalin kita, alam mo man o hindi ang gusto mo.”

“Right...” Bahagya ko siyang itinulak. “But I just need a friend... I don’t think I’m ready for something more than that.”

“Bakit ba hindi mo ako magawang mahalín? Yza, ilan taon na akong naghíhintay. I’ve been patiently waiting for you! Why can’t you love me back?!”

Nagulat ako sa outburst na iyon ni Xander. Napanganga ako. I never asked him to wait for me. I never asked him to do anything for me. Bakit niya ako ginaganito ngayon? Tumayo ako at kinuha ang bag ko. Tinalikuran ko siya. Hindi ko kailangan ng isa pang komprontasyon sa ngayon. Ang kailangan ko ay taong makikinig sa akin at sa tingin ko, hindi si Xander ang taong iyon sa ngayon.

Sinundan ako ni Xander.

“I don’t need this now, Xander.”

“Harapin mo ako, Yza! Si Zach ang dahilan kung bakit hindi mo ako makayang mahalín, tama ba?!” He sounded so frustrated. Hindi ko maintindihan kung ano’ng nangyayari kay Xander. Nakikidagdag pa siya sa problema ko. I really missed Nikita. Kung nandito siya, hindi ko kailangang makipag-deal kay Xander ngayon.

But I stopped and faced him.

“Siguro! Siguro nga si Zach ang dahilan kaya hindi ko mabuksan ang puso ko sa kahit na kanino dahil si Zach ang gusto ko! There, I’ve said it. It’s not a secret anymore. I still love him. I must’ve been so in love with him that I only see you as a friend. Yes, Xander, you have been friendzoned by Yza Joan Consunji.”

Itinulak ko si Xander at tumakbo ako kung pasaan. Hindi ko na nga alam kung paano pa ako nakauwi sa amin. I just found myself inside our home, walking around like a robot. Hindi ko nga napansin na nakatayo na pala ang kakambal ko sa harapan ko.

Nagkatitigan pa kami. He grinned.

Mukhang demonyo si Yto. Mukhang hindi siya gagawa ng mabuti sa ngayon.

“Hey...I’m back!” bati niya sa akin. Tinanguan ko lang siya. I wanted to run away. Kung nandito ako sa bahay na ito at habang dala ko ang pangalang Consunji, hindi ko malalaman kung ano’ng gusto ko. Sa ngayon kasi, isang bagay lang ang alam ko, iyon ay ang gusto ko si Zachary Drew, pero wala naman siya dito. Iyon lang ang sigurado akong alam ko ngayon. Pero ang iba, hindi ko na alam. I just wanted to escape from everything else.

“Yza, I just got back from London.” Alam kong sinusundan ako ni Yto habang paakyat ako.

“Oh? Did you get to visit Nikita in Paris?” wala sa loob na tanong ko. Hindi ko alam kung imagination ko, pero parang may lumabas na usok sa butas ng ilong ng kapatid ko.

“Of course not! Hindi ko siya pinuntahan sa Paris!” He walked out. Ni hindi ko man lang naisip puntahan si Yto. Dumiretso ako sa silid ko at naupo sa sahig. Nakasandal ako sa pintuan. Iniisip ko kung ano’ng mangyayari sa buhay ko. I wanted to do other things. Hindi ko magagawa ang mga iyon kung mananatili akong Consunji.



“Yza! Yza!”

Tuloy-tuloy lang ang paglalakad ko kahit na naririnig ko si Yto sa likuran ko. Hatak-hatak ko ang isang trolley bag na kulay pink habang naglalakad nang napakabilis. Napagdesisyonan kong umalis nang gabing iyon. Hindi ko alam kung saan ako pupunta, but I had to leave to find the missing part of me. Hindi ko na muna inisip ang pamilya ko.

Masyado akong na-pamper ng pamilya ko at hindi iyon nakabuti sa akin. My father treated me like a princess and he made sure that I got everything that I ever wanted. Umiiyak ako. Kung sakaling magtagumpay ako sa plano kong ito, ito na ang



pinakamatagal na panahon na malalayo ako sa pamilya ko. I was willing to be away from them just to prove something to myself.

“Yzang! Saan ka ba pupunta?!” Nahigit ni Yto ang braso ko.

Noon ako napahagulgol, pero naurong ang hagulgol na iyon nang makita ko ang hitsura niya. He was barefoot and half-naked.

“Saan ka pupunta?” tanong niya pa.

“Bakit ka nakaganyan?”

Binatukan ako ni Yto. “Saan ka nga pupunta?!”

“Lalayas ako.” Nagyuko ako ng ulo. Nakita ko ang mga paa ni Yto. Tumingin ako sa kanya. Hindi ko mabasa ang reaksyon ng mukha niya. Iniisip ko kung ano’ng tumatakbo sa isipan niya ngayon. Iniisip ko kung ano’ng sasabihin ni Yto. Hindi ako sasama sa kanya kung sakaling ibalik man niya ako sa bahay.

“Yza, bakit?” takang-takang tanong niya. Hindi na niya ako hinintay makasagot. Hinatak niya ako papunta sa park. Dinala niya ang mga gamit ko. Iniupo niya ako sa isa sa mga swings doon, naupo rin naman siya sa katabing swing at saka nagbuntong-hininga. Kinuha ko ang gamit ko at saka kumuha ng kung anong t-shirt sa loob ng bag ko. I gave it to Yto. He looked ridiculously funny while looking at my shirt. Kinuha niya pa rin naman iyon.

“Mukha kang tanga,” sabi ko habang nakatingin sa kanya na sinusuot ang pink bunny shirt ko.

“Aalis ka? Saan ka pupunta?” tanong niya sa akin.

“Hindi ko alam.” Nagyuko ako ng ulo. Pilit kong itinatago sa kanya ang luha ko. “Pero kailangan kong gawin ito, Yto.”

“At bakit? Hindi ko maintindihan.”

“Ikaw,” panimula ko. “Alam mo ang gusto mong gawin sa buhay mo. You have an important place in our company while I... I feel like a floating soul. Hindi ko alam kung ano’ng gusto ko. Isa pa lang ang sigurado ako. Gusto kong makita muli at makasama si Zach. Naguguluhan ako... I know it’s been five years but I want to be with him. Baka pag kasama ko siya, I’ll know what I want in life... argh! I don’t know, Yto... kaya aalis ako.”

“Pero wala ako doon para protektahan ka!” biglang usal niya. Natigilan ako. “Remember when we were six, you hit your head on the edge of the sofa and you’re all bloody and messy. You were crying so loud and while Nanay was taking care of you, she told me to always look after you, Yza. She told me to take care of you that’s why I can’t let you go...”

Napaiyak ako. Walang sasabihin si Yto na makapagbabago ang desisyon ko.

“Aalis pa rin ako. Intindihin mo ako, Yto. Twenty-three na ako, pero wala pa rin akong paglagyan sa sarili ko. I need to do this. I need to grow. I need to find myself.”

“Sasama ako.”

“Lalayas ako tapos sasama ka! Parang di rin ako lumayas n’on!”

“Pero Yza...” Medyo nanginig ang boses niya.

“Let me stand on my own two feet, Yto,” I said to him.

Nakatingala siya. I bit my lower lip. Kinuha ko ang bag ko at saka tumalikod. Lumakad ako palayo kay Yto. Wala akong narinig sa kanya. I took a deep breath and wiped away my tears.

Kailangan kong gawin ito para sa sarili ko...



Rain started to pour down heavily while I was waiting for a miracle in the highway.

*This is not my day...*

Maayos naman sana ang lahat. Nakaalis na ako sa village. Sumakay ako ng bus, tahimik ang lahat. Akala ko makakaalis ako nang maayos, pero minalas ako. Na-hold up ang bus na sinasakyan ko. They took all my things. Hindi sila naawa, lahat ng pasahero sa bus na iyon ay kinuhanan nila. I was so scared. I was crying but I was also grateful that they let us all live.

Ang kaso, wala na akong pera at hindi ko alam kung saan ako pupunta. That was when I started having second thoughts. Naisip ko kanina na bumalik na lang sa dati kong buhay. Pero ayokong gawin iyon dahil pahihirapan ko lang ang sarili ko. I felt so lost

and so alone. Umupo ako sa gilid ng kalsada at hinayaan ko na lang ang sarili na mabasa ng ulan. I prayed to God to send an angel to save me from this terrible situation.

Nagulat na lang ako nang may biglang nagtakip ng jacket sa nilalamig kong katawan. I looked up and got the shock of my life when I recognized who did that.

“Zachary Drew?” nakaawang ang labi na sabi ko.

He gasped when our eyes met. Siguro ay nakilala rin niya ako.

“Yza...”

“Zachary Drew...” Napahikbi na ako. Tumayo ako at walang sabi-sabing yumakap sa kanya.

“Yza... wait...” Bigla siyang lumayo sa akin. “What are you doing here? You’re soaking wet! You’ll get sick.”

It was like a sign from heaven. I felt like he was destined to rescue me. Kinuha ko ang kamay niya at saka siya tiningnan.

“Zach, please take me with you. Please, take me anywhere but here. You’re my only hope to get away from it all.”

His eyes widened. Pero niyakap niya ako at mayamaya ay inakay ako papasok sa isang tour bus na hindi ko napansin na huminto kanina.

Pag-akyat doon ay agad niya akong pinakilala sa mga taong naroon—Yana Abella, Yngrid Katigbak, and some crew na nakalimutan ko na ang mga names. Kiming ngiti lang ang iginawad ko sa kanila. I was still in shock. Siguro naintindihan iyon ni Zach dahil pagkatapos kong magpalit ng damit ay iginiya niya ako sa isang upuan.

“Matulog ka muna. We’ll talk tomorrow.”

Dahil na rin siguro sa pagod, nakatulog agad ako.

Hindi ko alam kung anong oras na nang magising ako. I fixed myself up and looked for Zach. Naroon siya sa bandang likuran ng bus. Dahan-dahan akong lumapit sa kanya.

“Z-Zach, salamat.” Ngumiti ako sa kanya. He took off his aviators and looked at me. Nakakunot ang noo niya. Kung ako ang

tatanungin, mukha siyang may buwanang dalaw. I just smiled at that thought. Hindi ko alam kung paano ko nagagawang mag-isip nang ganoon gayong wala akong mapupuntahan, wala akong pera at nawawala ako.

“Zach...” tawag ko. Tumabi ako sa kanya. Umusog siya. Halos idikit niya ang sarili sa bintana makalayo lang sa akin. Nakadama naman ako ng lungkot. Bakit kaya siya galit sa akin? He was the one who left without saying good bye to me. Napailing na lang ako. There was no need to dwell in the past. I should just be grateful that he was the one who found me.

“Sorry...” I said.

“For what?”

“For barging in your life like this,” sabi ko sa kanya. “Pero wala na kasi akong mapupuntahan. I don’t want to go back to my family. It’s too complicated right now... it’s... it’s kinda funny because I decided to run away because of you.”

Napamulagat siya sa akin. Itinuro niya ang kanyang sarili at saka nagsalita. “Me? Yza, we haven’t seen each other for five years and yet—”

“Because whenever I think of you, it kind of reminded me of how much I wanted my freedom, Zach. I decided to leave and throw away everything. Kailangan kong gawin ito...”

“You ran away from home because of me?” tanong ulit nito. “How do you think Tito Sancho will react to that?”

Bigla akong natawa. Sa unang pagkakataon nang gabing iyon ay natawa ako—iyong genuine na tawa. I looked at Zach, I caught him smiling at me.

“Uy, ngumiti ka,” pansin ko sa kanya.

“Paanong di ako ngingiti, nandito ka na?” he said.

Napanganga ako. “Ha?” Hindi ko sigurado kung tama ang narinig ko. Nanlaki ang mga mata ko nang bigla niyang ilapit sa akin ang mukha niya.

“You heard it, Yza. I won’t say it again.” To my surprise, bigla

niyang hinalikan ang tungki ng ilong ko ‘tapos ay tumayo na siya. My mouth parted. Bakit naman ganoon si Zachary, manghahalik ‘tapos aalis?

Sinundan ko siya ng tingin. He joined his crew. Kinuha niya ang gitara niya.

“Practice muna tayo.” I heard him say. “What was that song, Gerd? The one we heard at the mall yesterday?”

May sinabi iyong lalaking tinawag niyang Gerd pero hindi ko narinig. Hindi naman nagtagal ay nagsimula na siyang tumugtog. I closed my eyes. I hadn’t heard him sing in the last five years.

Seconds later, pumailanlang ang boses ni Zach sa loob ng bus and suddenly I realized he had such a great voice. Para bang dahil sa boses niya ay napapahinga ang pagod kong kaluluwa. I just listened to him. Zach got even better. Kung noon maganda na ang quality ng voice niya, mas lalo pa iyong gumanda ngayon.

Hindi ko alam kung bakit napadilat ako. I looked at him. I saw him looking at me, too. Pakiramdam ko kaming dalawa lang iyong tao dito sa bus. Sa paraan kasi ng pagtingin niya, iyon talaga iyong mararamdaman ko. I gasped when he winked at me.

“He sounds great, doesn’t he? He’s the great ZD after all.”

Natigilan ako at napatingin sa nagsalita. It was Yngrid. Siya yata iyong publicist/stylist ni Zach. At nagkuwento na siya kung gaano kasikat na singer ang lalaki. Alam kong may isang sikat na international singer na ZD, pero hindi ko na-realize na si Zach pala iyon.

*That explains the tour bus, naisip ko na lang.*

“Hey, ZD,” singit ni Yngrid. “Yana’s asking kung saan daw ba ida-drop off itong friend mo. ‘Cause we’re like heading to *La Rika’s*.”

I bit my lower lip. Tumingin ako sa labas ng bintana. Medyo madilim pa rin at umuulan pa, pero kung kailangan ko na talagang bumaba ng bus ay gagawin ko. Nakakahiya na rin kasi. Tama na iyong pinasakay nila ako at pinahiram ako ni Yngrid ng damit.

“Sa pinakamalapit na barrio na lang.” Ako na lang ang sumagot.

Napahinto si Zach sa pagpraktis at lumapit sa kanya. “Kung bababa ka, ano’ng gagawin mo? Bakit hindi ka na lang sumama sa amin?”

“Nakakahiya. Isa pa, ano naman ang gagawin ko dito?”

“You asked me to take you away from it all. Magtanan na lang tayo.”

Hindi ko na alam kung ilang beses nanlaki ang mga mata ko nang gabing iyon. Pero mas lalong ikinapanlaki ng mga mata ko ang sinabi niya.

I asked myself kung bakit ba lumalakas nang ganito ang tibok ng puso ko kapag kaharap ko siya. Hindi naman ako ganito dati. Dati kapag nakikita ko si Zachary Drew natutuwa ako to the extent na gusto ko talaga siyang maka-close pero ngayon, iba na...

He’s different. Hindi na siya si Zach na mahiyain. Kelan pa siya naging aggressive, wild and impatient?

“Zach, you’ve helped me a lot already and I’m very thankful for that. Pero hanggang dito na lang ako. Ayokong abusuhin ka.”

“Kung papaiwan ka sa susunod na barrio, ano’ng gagawin mo doon? Wala kang pera, wala kang kahit na ano. Sanay ka ba sa ganoon? No, Yza, you’re staying with me.”

What he said touched my heart. Hinawakan ko ang kamay niya at ngumiti. “Maraming salamat, Zach, pero tatanggi ako. Like what I told Yto, I need to find myself. I need to do that on my own.”

“Stay with me, Yza. I’ll help you look for that missing part in your life. Just stay.”

There was something in his voice. I wasn’t sure if it was determination, pero pakiramdam ko kahit na ano’ng gawin ko ay hindi ako paaalisin ni Zachary.

I really wanted to stay with him. Natatakot rin naman ako pero iniisip ko na kung mag-i-stay ako, mas mahihirapan akong

hanapin ang purpose ko sa buhay.

“I won’t let you leave, Yza.”

“Zach, kung dito ako, ano’ng gagawin ko?” tanong ko sa kanya. Ayokong maging pabigat.

“Be mine...”

My eyes widened.

“I mean, be my P.A. I need a P.A.,” he said. Tumayo siya at tinawag si Yana.

“Yana, di ba I need a P.A.? I found one already.” Tinuro niya ako. Yana looked at me. She smiled knowingly ‘tapos ay binalingan niya si Zachary Drew.

“Sure, rock star,” aniya habang nakangisi. “Welcome to the team, Yza.”

My mouth parted. Ganoon lang iyon?

“See. Hindi mo na kailangang umalis. Dito ka na lang sa akin. I mean sa amin. I’ll take care of you. I mean, we’ll take care of you and you can stay as long as you like.” Kinindatan niya ako. Napailing na lang ako. Zach was probably just being nice to me.



Inabot kami ng umaga sa daan. Hindi ko na tinanong kay Zach kung saan kami pupunta. With him, I felt safe. Isa pa, nakakatuwa siyang pagmasdan. Nakaupo siya sa harapan ko. Nakasandal ang ulo niya sa bintana habang tulog na tulog. Lahat ng sinabi ko sa kanya kagabi ay totoo. I ran away because of him. He was my salvation. Nakakatuwa pa dahil nakita ko siya ngayon. Pagkatapos ng limang taon, kasama ko siya at may pagkakataon akong sabihin sa kanya ang totoo kong feelings. Sabi ko nga kay Xander, gusto ko si Zach. Mga bata pa lang kami, gusto ko na siya.

Tumayo ako at dahan-dahang lumipat sa kanyang tabi. He looked like a five-year-old kid sleeping. Natatawang inangat ko ang braso niya at ipinalupot sa balikat ko pagkatapos ay humilig sa balikat niya. Marahil ay naramdaman niya ako, he stirred. Tumingin siya sa akin.

“Hmm, Yza...”

“Payakap, ZD, ha. Giniginaw kasi ako,” sabi ko sa kanya. He wrapped his arms around me. Nakita kong idinilat niya ang kanyang mga mata.

“Manong driver, pakilakas nga ang aircon!”

My eyes widened. He just grinned. Humigpit ang yakap niya sa akin. Naririnig ko ang tibok ng puso niya. I sighed. Tinanong ko ang sarili ko. Bakit ba hindi ko na lang sinabi kay Zach noon na gusto ko siya? Gusto ko siya. I wanted him in my life. Maybe he’s right. Siguro matutulungan niya akong mas makilala pa ang sarili ko.

Hindi ko alam kung gaano katagal kong tinitigan si Zach habang tulog siya, pero nakatulog na rin ako. Nagising ako nang huminto ang bus sa isang farm. Sa gitna niyon ay may nakita akong bahay. Bumaba kami at sinalubong kami ng mag-asawa.

I found out that they were Yana’s parents. Mr. and Mrs. Antonio Abella. Pinatuloy nila kami. Binigyan nila ako ng sariling silid habang naroon. Habang nagpapahinga ay nag-isip ako ng plano. Ano nga ba ang gagawin ko? Obviously, hindi naman pwedeng nasa tabi ko lang si ZD, hindi pwede dahil comfort zone ko pa rin siya. Kailangang umalis pa rin ako. Kailangan kong hanapin ang sarili ko. Kailangan kong lumayo sa mga taong nagpapaalala sa akin kung sino ako at kung ano’ng kayang gawin ng pangalang meron ako.

I just wanted to live an ordinary life. I wanted to find that one thing that I’d love doing. I sighed. I laid on the bed and looked at the ceiling. Walang agiw. When I was a kid, tagabilang ako ng agiw habang si Yto ang tagatanggal niyon. I loved those moments of our simple life. Hindi naman sa ayaw ko na nakilala namin si Tatay, pero sa tingin ko mas simple lang ang buhay namin kung kami lang nina Nanay ang magkakasama. Siguro, malalaman ko kung ano talaga ang gusto kong gawin sa buhay ko pag ganoon ang sitwasyon ko.



Kinabukasan, habang nagre-relax ang grupo nina Zach ay lumabas muna ako ng farm nina Yana. Hindi ko alam kung saan ako pupunta.

I was hoping I'd see a sign somewhere. Mayamaya ay natagpuan ko ang sarili ko sa isang Day Care center. Pinanood ko ang mga batang naglalaro roon sa playground. May naghahabulan, may nagtutulakan, may batang nadapa, may umiyak na. Napapangiti ako habang pinapanood sila.

Pumasok ako sa loob ng Day Care center. Naupo ako sa isa sa mga benches doon at tahimik na nanood. If I could only turn back time, I'd go back to my childhood. Gusto ko iyong simpleng buhay, iyong buhay na walang gaanong choices.

I sighed. Sa tingin ko, kailangan ko talagang umalis sa lugar na ito at magsimulang mag-isa.

Nagdesisyon na akong bumalik sa farm para kausapin si Zach. Magpapaalam na ako sa kanila. Tumayo ako at muling lumabas na doon.

Habang naglalakad pabalik sa mansyon ay kinailangan kong tumawid. My mind was occupied with something else that I didn't notice a vehicle approaching me. Nakarinig ako ng malakas na busina. Napalingon ako at natakot nang makakita ng isang black SUV. Sa takot ko ay napaupo ako sa daan. Huminto naman ang SUV at bumukas ang driver's door pati na rin ang pintuan sa isang gilid.

“Miss! Okay ka lang?” tanong ng driver sa akin. Hindi ako makapagsalita. Tinulungan niya akong tumayo. “Miss, ayos ka lang ba? Daldalhin ka namin sa ospital!”

“Jerome...” tawag ng isang boses.

Nakahawak pa rin sa braso ko ang lalaki ngunit dahan-dahan akong lumingon. Nakita ko ang isang lalaki na naka-three-piece suit—niluwagan niya ang necktie niya habang nakatingin sa akin.

I stared at his eyes. They were deep, mysterious and green.

“Are you alright?” He said those words with an accent that

stirred something inside my being.

“Y-yes...” I stuttered.

“Good. Jerome, let’s go. Itawid mo na lang siya.” Muli siyang pumasok sa loob ng sasakyan.

Itinawid ako ng lalaking iyon. Hindi ko alam kung para saan ang kabog ng dibdib ko. Ang alam ko lang ay kinakabahan ako.

Hanggang makarating sa farm ay tila tulala pa rin ako. Isang humahangos na Zach ang gumising sa aking isipan.

“Zach...”

“Yza! Where have you been? I was so worried!” sabi niya sabay yakap sa akin nang mahigpit.

Nagtaka ako sa ikinikilos niya. “Zach?”

Hindi siya sumagot. Instead, he cupped my face, tilted my head. Inilapat niya ang kanyang mga labi sa akin.

“Mahal kita,” pag-amin niya pagkatapos akong halikan.

Hindi ko alam kung nananaginip ako. Ilang beses ko na bang inisip na mangyayari sa amin ni Zach ang tagpong ito? Marami na. Noong umalis siya pagkatapos noong debut ko ay ganoon na lang ang lungkot ko, pero ngayon na nandito siya at sinasabi niya sa akin na mahal niya ako ay wala akong ibang masabi dahil sa katuwaan.

Tiningnan ko si Zach. Hinaplos ko ang pisngi niya. “A-akala ko matagal pa bago mo sabihin iyan,” nakangising sabi ko. “Mahal din kita...”

Madali para sa akin ang sabihin iyon dahil iyon naman talaga ang nararamdaman ko. Ngumiti siya ngunit saglit lamang iyon. Bigla siyang lumayo. Hinawakan niya ang kamay ko at hinatak ako papasok sa loob. Napansin ko ang mga kaibigan niya na nakatayo sa gilid ng puno ng acacia. Marahil ay tiningnan nila kami sa labas at ngayon ay nagkukunwari silang may ibang ginagawa. Nakadama ako ng hiya ngunit hindi ko naman binitiwang ang kamay niya.

I found myself sitting on a bench near the pond while Zach walked back and forth.

“Tayo na, di ba?” biglang tanong niya. Gusto kong matawa. He seemed really frustrated. “Yzang, tayo na, di ba? Naghalikan na tayo. Hinalikan kita. Hinalikan mo ako. Mahal kita, sabi mo mahal mo ako, naghalikan tayo, sasabihin ko kay Yto na naghalikan tayo para hindi ka na pwedeng umayaw sa akin.” Parang bata si Zach na walang ginawa kundi ang magdadaldal sa harapan ko. “Wala na akong pakialam kay Xander—”

“Magkaibigan lang kami ni Xander.”

Natigilan si Zach at tumalikod. Parang gusto kong matawa nang magsusuntok siya sa hangin na para bang nasasapian. I gave out a weak smile. Bakit kaya niya naisip na boyfriend ko na si Xander?

“Di ba, kayo na mula pa lang noong eighteen ka? That was the reason why I left for the States because I was the loser. We had a deal! Na kapag siya ang pinili mo, aalis ako at hindi na makikipag-agawan. I’m so in love with you, Yza! Noong una pa lang kitang makita sa classroom natin noong grade two tayo, alam ko na ikaw na ang gusto kong makasama.”

Kulang ang sabihin na nagulat ako sa mga sinabi niya sa akin. Pareho lang pala kami ng nararamdaman sa isa’t isa! Hindi ko na napigilan ang mapaluha.

Si Zach naman ay tila ba hingal na hingal habang tinititigan ako.

“Hindi naging kayo ni Xander?” he asked again. I slowly shook my head. “Hindi naging kayo?! P\*tangina!” Napasipa pa siya sa hangin. I smiled. Lumapit ako sa kanya at hinawakan siya sa balikat. Pilit ko siyang pinakakalma ngunit ayaw niya pa rin. I cupped his face and kissed his lips.



Nagpasalamat ako kina Mr. and Mrs. Abella sa mainit na pagtanggap nila sa akin. Pati na rin sa mga kaibigan ni Zach na kahit paano ay tinulungan akong hanapin ang nawawala kong sarili.

Babalik na ako sa pamilya ko. Alam kong magagalit sa akin si Tatay. One month akong nawala nang walang paalam. Wala akong magagawa kundi ang harapin siya. I knew the consequences of my actions.

I realized that being my father's daughter didn't have to be this hard. Gusto ko namang maging anak ni Tatay, kaya lang, ang ayoko ay ang kapangyarihang kalakip ng pangalan namin. Gusto ko pa rin ng simple buhay. Gusto kong tumulong sa iba. I wanted to be like my grandma Adel. I wanted to be the most charitable Consunji ever.

Nagulat ako nang biglang hawakan ni Zach ang kamay ko. He looked at me. "Pagkahatid ko sa inyo, kakausapin ko si Mr. Consunji. Haharapin ko si Xander at si Yto," seryosong sabi niya. "Mahal kita, Yza..."

Ngumiti ako. "Mahal... mahal din kita..."

Kinabahan na ako nang makarating kami sa bahay. Ano'ng sasabihin sa akin ni Tatay? Ano'ng mangyayari? Pinagpapawisan ako nang malamig nang makapasok na kami sa loob.

Hinawakan ni Zach ang kamay ko. "Don't worry, be happy."

I made a face. Ang baduy ng joke ni Zach. Hindi ako makahinga. Pakiramdam ko ay nasusunog ang paligid ko, pero malamig naman ang pakiramdam ko. Natigilan ako nang sinalubong kami nina Xander at Nikita sa foyer ng mansyon.

"Yza!" Mabilis na niyakap ako ni Niki.

Napatingin ako kay Xander nang balingan niya si Zach.

"Ano'ng ginagawa mo dito?!" Tinulak niya pa si Zach. Nakita kong kuyom ang palad nilang dalawa. "Ano'ng usapan natin? Akin si Yza!"

"Lahat ng sinabi mo noon ay kasinungalingan lang! Walang Yza at Xander dahil niloko mo kaming lahat!" mariing sabi ni Zach.

"Ano'ng nangyayari dito?" dumagundong ang boses ng kakambal ko. Agad din siyang lumapit sa amin.

“Hayaan mo sila, Yto! Matagal na dapat nangyari ito! Hayaan mo ang mga kaibigan mo!” sabi naman ni Niki.

Hindi na ako nakatiis. “Tama na!” sigaw ko saka ako lumapit kay Xander. “Please stop, Xander. You know my feelings for Zach. Can you just please be happy for me?”

Hawak ni Nikita ang kamay ko. Kitang-kita ko naman ang hapdi sa mukha ni Xander. Alam kong nasaktan ko siya, pero mas masasaktan ko siya kung hindi ako magpapakatotoo sa sarili ko. I wanted to be happy. All my life I had choices, choices na kahit ayokong piliin ay nandyan sa harapan ko. Buong buhay ko, isinubo sa akin at ngayon ko gustong mamili—mamili sa kung ano’ng makakasaya sa akin at gusto kong si Zach ang makapagpasaya sa akin.

Wala nang nagawa si Xander kundi mag-walk out sa mansyon.

I looked at Zach. “Are you okay?”

“Thank you, Yza... for choosing me...”

I just smiled. I knew that I made the right choice. Pero saglit lang iyon dahil napasigaw ako nang suntukin ni Yto si Zach.

“Yto!”

“That’s for kissing my sister and for hiding her! F\*ck you!”



“Mr. Consunji, I’m here in front of you, asking your permission to marry your daughter. And I won’t take no for an answer.”

Maang na napatingin ako kay Zach. Pagkatapos ng komprontasyon sa mansyon ay dinala niya ako sa Consunji Empire building para makaharap ang aking tatay. Matagal muna kaming nag-usap ng tatay ko bago niya hinarap si Zach at heto pa talaga ang ibubungad niya sa tatay ko.

“Zach! Gusto mo na bang mamatay?!” kabadong sabi ko.

Umiling lang siya at nakipagsukatan ng tingin sa tatay ko. Kay Sancho Consunji!

“Tatay, nagbibiro lang po si Zachary Drew!” sabi ko na lang.

“Introduce yourself,” sa wakas ay sabi ng tatay ko.

Napailing na lang ako.

“My name is Zachary Drew Varres Laundrize. Twenty-five. I’m a singer,” sagot naman niya.

My father scoffed. “Singer? How much do you make in an hour? You wish to take my daughter away from me, are you even good enough? Yza is a Consunji. No one is ever going to be good enough for her.”

“I am good enough for Yza,” mariing sabi ni Zach. “I maybe even the best for her.”

Tumaas ang sulok ng bibig ng tatay ko. Kinilig naman ako.

“I waited five years bago ko nagawa ang lahat ng ito, Sir. I remember what your sister said during Yza’s debut party—a Consunji deserves only the best. Kaya po ako umalis noon dahil gusto ko sa oras na bumalik ako, ako na lang ang tanging option ni Yza... na ako na ang best para sa kanya. Kung kulang pa, I’ll work on that, pero hindi ko na siya iiwan kahit kailan dahil sa ngayon, nandoon na ako sa punto na kapag walang Yza Joan, walang Zachary Drew. I can never leave her.”

He cleared his throat. “You said that you won’t take no for an answer, paano kung hindi ako pumayag?”

“Mula ngayon hanggang sa pumayag kayo, Sir. Araw-araw akong mamamanhikan.”

Nanlaki ang mga mata ng tatay ko. He took a deep breath then he turned to me. “Yza Joan, are you in love with this man?” Nanatiling nakatingin lang ako sa kanya. “Yza Joan!”

Halos mapatalon ako. “Opo! Opo, Tay!”

Napabuntong-hininga na lang ang tatay ko. Mayamaya ay lumapit siya sa akin at niyakap ako nang mahigpit. Hindi ko napigilan ang mapaluha.

“Naniniwala ka pa sa long engagement?” baling ng tatay ko kay Zach. Tumango lang siya ‘tapos tinapik ng tatay ko ang balikat niya. “Good. You can marry her but not this year or next year. She’s

too young, Zach. I want her to fulfill her dreams. Naiintindihan mo naman siguro, di ba?”

“Yes, Sir,” mabilis na sagot ni Zach, todo ang ngiti sa mga labi. Napamaang ako. Hindi ako makapaniwala.

“Lagot ka sa nanay mo...” biro ng tatay ko sa akin.

“Tatay naman, eh!” sabi ko na lang sabay yakap sa kanya. Ilang minuto pa ay iniwan muna niya kami ni Zach sa opisina dahil may meeting pa siya.

Niyakap naman ako nang mahigpit ni Zach nang makaalis ang tatay ko.

“Mahal kita,” sabi niya.

Napangiti ako saka mabilis na hinalikan siya sa labi. I put my arms around his neck and quickly kissed his nose. “What you did a while ago was very brave, Zach. I never thought you’d say that to my tatay. I think I’m falling for you even more,” I breathed.

He nodded. “That’s my goal, baby...”

“What goal?” takang tanong ko.

He looked at me lovingly. “I can’t believe you’re mine. After all these years... My goal is to make you fall hard and deep for me every waking moment of my life. I’m so in love with you, Yza. I love you, my runaway heiress.”

Hinalikan ako ni Zach at tinugon ko iyon nang buong puso. I would never run away from anything anymore. Alam ko na ang gusto ko sa buhay, at malaking bahagi niyon ay si Zach.